

Kuwento ng digmaan, digmaan sa kuwento:

Ang Naratibo ng Panulat at Manunulat sa Tagalog sa Panahon ng Okupasyong Hapones sa Pilipinas

KEVIN ARMINGOL

ABSTRAK

Layunin ng pag-aaral na ito na tukuyin ang mga tampok na pangyayari at kaganapang may kinalaman sa usaping pampanitikan at manunulat sa Tagalog noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, partikular ang librong *25 Pinakamabubuting Maikling Kathang Pilipino ng 1943* bilang primaryang batis ng pananaliksik. Susuriin ng pag-aaral ang mga ng tumatalakay sa napipinto o nagaganap nang digmaan bilang kritika at/o obserbasyon ng mga manunulat sa Tagalog na hindi maisatinig ng kasalukuyang panahong iyon ng okupasyon ng mga Hapones sa Pilipinas. Sa kabila ng sensura ng *Manila Shimbunsha*, ang pangunahing pangkultura't pampropagandang ahensiya sa ilalim ng Kagawaran ng Impormasyon ng Pamahalaang Militar ng mga Hapon sa Pilipinas, inaasahang matukoy nito ang katangian ng mga kuwentong may kinalaman at/o tumatalakay tungkol sa digmaan ng panahong iyon na napabilang sa 25 pinakamabubuting maikling kuwento at masuri ang namamayaning nilalaman at anyo ng mga ito sa pangkalahatang sipat. Nais ding mapalitaw sa pag-aaral na ito ang mga sakripisyong ipinuhunan ng mga manunulat at ng mga nagsikap na magsulat upang mabuhay at manatiling buhay—ang kanilang mga laging napapanahon at nananaig na aral sa kani-kanilang naratibo't salaysay na may saysay, na bukod sa pagkatha, pinili ng marami sa hanay ng manunulat na landasin ang armadong pakikibaka laban sa mga dayuhan alang-alang sa Inang Bayan.

MGA SUSING SALITA

manunulat

kuwento

Tagalog

Hapon

digmaan

Isa sa mga pinakamalubhang nawasak ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig na naitala sa buong mundo ang Maynila. Ang Maynila, bago ang digmaan at nang matapos ito, ang siyang lugar ng huntahan ng mga itinuturing na gitnang saray ng lipunang Pilipino—ang mga edukado't intelektwal, lalo na ng mga manunulat at artistang Pilipino, na siyang isa sa mayoryang bumubuo at nag-aambag sa produksiyong pang-intelektwal at pampanitikan bilang sentro ng pampulitikang kapangyarihan at komersiyo. Gayunpaman, sa kabila ng kanilang angking talino, kasanayan, at kakayahang hinubog ng sistema't kaayusang kolonyal ng Amerika, sinubok ang kanilang uri sa pakikisama sa panibagong dayuhang mananakop: ang Hapones.

Samot-sari ang reaksiyon ng mga manunulat na naabutan ang panahong ito. Sinong makakapagsabi na magiging batayan ng kanilang buhay at kamatayan ang kanilang mga akda sa panahon ng digmaan?

Layunin ng papel na ito ang suriin ang 25 *Pinakamabuting Maikling Kathang Pilipino ng 1943* na nagsilbing markang-bato ng panitikang Tagalog sa panahon ng okupasyong Hapones sa Pilipinas sa ilalim ng *Manila Shimbunsha*, ang pangunahing pangkultura't pampropagandang ahensiya sa ilalim ng Kagawaran ng Impormasyon ng Pamahalaang Militar ng Hapones sa Pilipinas. Sa pamamagitan nito, nais pulsuhan ng pag-aaral ang itinuturing na pinakamabubuting kuwento at pag-unlad nito sa panahong bago at habang nagaganap ang digmaan at papaano ito umangkop sa prinsipyong “Asia for Asians” ng mga Hapon sa ilalim ng kanilang adbokasyang Greater East-Asia Co-Prosperity Sphere (GEACPS). Sasagutin din ng papel na ito ang mga hakbang na isinagawa ng mga Hapon nang sa gayo'y tuluyan nilang nakuha ang loob ng mga Pilipino—na siyang nagtulak ng kanilang mga pang-ekonomiyang interes at agenda para sa kanilang pagpapalakas sa Asya-Pasipiko. Sa kabilang banda, susuriin din nito ang danas na sinapit ng ilang manunulat sa Tagalog noong okupasyon ng mga Hapon, at ang kanilang pakikiangkop at pakikitunggali sa kanilang kalagayan.

MGA TUGON SA NAGBABADYANG DIGMAAN

Maugong na ang pangalan ng bansang Hapon humigit-kumulang isang dekada bago pa maganap ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ito ang pangamba ng mga malalaking kolonyalistang bansa tulad ng Estados Unidos at Inglatera nang sakupin ng Hapon ang Manchuria noong 1932, at Indo-Tsina noong kalagitnaan ng 1940 (Agoncillo 1989, 399). Upang pigilan ang pamamayagpag nito sa Asya-Pasipiko, nilimitahan at pinamahalaan ng Estados Unidos ang eksport ng mga materyales ng Hapon, kabilang na ang mga iniaangkat na produkto mula sa Pilipinas (Agoncillo 1980, 399-400; Jose 1991, 38.).

Samantala, nagsikap ding maghanda ang Pamahalaang Komonwelt ni Manuel L. Quezon sa napipintong pandaigdigang digma sa kabila ng pagtatransisyon nito sa pagsasariling bansa (Gripaldo et. al., 2003, 246.) Noong ikalawang bahagi ng 1941, nilagdaan ni Quezon ang Kautusang Tagapagpaganap Bilang 335 na lilikha ng Civilian Emergency Administration o CEA (Jose, 1991, 39-41). Sang-ayon sa nilagdaang batas, inaasahang tutugon ang CEA sa pangkalahatang pangkagipitang pangangailangan ng mga sibilyan o kalakhang mamamayan sa oras na pumutok ang pandaigdigang digmaan. Kabilang sa mga programang ito ay ang pagtuturo sa mamamayan ng wastong paglikas at pagtungo sa mga ligtas na lugar, makukuhanang sapat na pagkain, at iba pang katulad. Ngunit nanatiling ambisyon ang kalakhang plano ng CEA at hindi nito naitumbas sa katunayan ang mga nakasulat sa nilagdaang papel ukol sa hakbang-hakbang sanang pagpapaplano ukol sa nasabing panahon. Wala ring malinaw at sapat na koordinasyon sa pagitan ng militar at pagkukuhanan ng napakalaking pondo para maging matagumpay ang nasabing mga programa (Jose, 1991, 45-6).

Sa kabilang banda, nauna nang nagpaabot ng pakikiisa at suporta ng pakikisangkot ang bagong-tatag na Philippine Writers League—na itinatag noong Pebrero 1939 na kauna-unahan at marahil ang pinakahuling samahang pangmanunulat na itinatag at pinondohan sa

ilalim ng gobyerno ng Pilipinas. Nabuo ito sa pamamagitan ng paglikha ng manipesto na siyang bumuo ng epektibong alyansa para sa pangkulturang pagtatanggol sa mga Pilipinong manunulat, at iba pang progresibong puwersa ng bayan, kaugnay sa kaliwa't kanang balita ng pasismo sa iba't ibang panig ng mundo (Agoncillo 2001, 596; Arguilla et al. 1940, 6-7).

ANG BANSANG HAPON SA PILIPINAS BAGO ANG DIGMA

Samantala, lalo pang sumidhi ang pagnanasa sa pagdambong sa likas na yaman ng bansa bukod sa Estados Unidos (Yu-Jose 1992, 123) ang bansang Hapon, na siyang nangunguna sa pagpapakita ng pang-ekonomikong interes sa Pilipinas. Sa katunayan, bilang pagsalubong sa mga “makabayang” agenda at batas ng Pamahalaang Komomwelt, lumobo ang industriya ng pagmimina mula 1936 hanggang 1938; at dumami rin ang itinayong mga pabrika sa Pilipinas mula 1930 hanggang 1940—kung saan ang lahat ng ito ay nabuo sa pangunguna ng bansang Hapon. Dagdag pa, upang ikutan ang isasabatas pa lamang noon ukol sa Bagong Imigrasyon na maglilimita sa bilang ng mga pumapasok na dayuhan sa bansa, dumagsa ang hindi inaasahang bilang ng mga Hapon sa Pilipinas na tinatayang 67.3 porsiyento ng kabuuang populasyon ng mga Hapon na nasa Timog-Silangang Asya (Yu-Jose 1992, 129-30).

Bukod sa mga pampulitika at pang-ekonomiyang pagluluwag upang makatugon sa mga kinakailangang kahingian sa Pilipinas, inalar din ng mga Hapon ang wikang Tagalog na noon ay hinirang bilang wikang pambansa at nagsagawa ng mga pamamaraan upang maaral at maunawaan ito. Nagresulta ito ng pagtatayo ng natatanging departamento ng Tagalog sa bansang Hapon noong 1938 at paglalathala ng librong nasusulat sa Tagalog bilang gabay sa praktikal na pakikipagkomunikasyon ng mga Hapon noong 1939 (Yu-Jose 1992, 140).

Upang makuha naman ang loob ng mga Pilipino sa kabila ng mga anti-Hapong propaganda mula sa Tsina at Estados Unidos dulot ng umiigting na sigalot, napagkaisahan ng mga Hapon na magtayo ng pangkulturang organisasyon na tutugon sa mga suliraning

ito bilang pangkulturang propaganda, habang ipinagpapatuloy pang lalo ang pang-ekonomiyang ganansiya sa likas na yaman ng bansa (Barte ed. 1992, 23-33). Isa sa hakbang na isinagawa nila ay ang pagpapalaganap ng kulturang Hapon gamit ang mass media at panghihikayat sa mga Pilipino na mag-aral sa kanilang bansa sa halip na sa Estados Unidos (Yu-Jose 1992, 142-3).

Naglunsad din ng mga pangkulturang gawain at pagpapalitan sa pagitan ng bansang Pilipinas at Hapon, kabilang na ang mga kumperensiyang pangmag-aaral at ng mga propesor na Hapon na kakikitaan ng mga pagbabago ng pananaw at pagtingin sa mga Pilipino: na sa halip na makatulong sa pagkuha ng loob sa mga Pilipino ay lalo pang nag-iwan ng malaking panlipunang agwat, lalo na sa mga Hapon na higit na mataas ang pagtingin sa sarili kaysa sa huli (Yu-Jose 1992, 147-54).

ANG KUWENTA NG KUWENTO SA PANAHON NG HAPON

Sa pag-okupa ng mga Hapon sa Pilipinas, lahat ay masistemang ginawa ng bagong dayuhang mananakop sa pagnanasang ito ang mabuting pamamaraan ng pagbubura ng anumang bahid o labí ng naitayong muhon ng dominasyon ng Kanluran. Noong Mayo 1942, nagpatawag ng pagpupulong si Ishikawa Kin-Ichi, Direktor ng mga Publikasyon na kontrol ng Hapones, sa mga manunulat ng Tagalog at inimbitahang maghapunan sa Peacock Garden sa Calvo Building sa Escolta upang pag-usapan ang kalagayan ng mga manunulat. Naging mabunga ang nasabing pagpupulong kaya noon ding ika-31 ng Mayo, muling nagbukas ang *Liwayway* na noong una'y dalawang beses naglalathala at naging lingguhan pagkaraan. Mapapansin sa edisyon ng *Liwayway* 1942, reprint lamang ang kalakhan ng mga akda noong bago pa magkadigma (Agoncillo 2001, 628).

Pagdating ng 1943, sang-ayon sa dikta ng GEACPS, nakitaan ng pagsigla sa paglikha ng mga kuwentong nagsasalarawan sa mga pangkaraniwang-buhay at iyong nakapadron sa kahingian ng mga Hapon sa inaasahan nilang mga kuwentong nais mabasa at maipabasa sa mga Pilipino. Noong ika-25 ng Marso nang

nasabi ring taon, sa pangunguna ng *Manila Shimbunsha*, nagsagawa ito ng patimpalak sa kuwentong Tagalog upang higit na makuha ang simpatiya ng intelihensiya, partikular ang mga manunulat. Bunga nito, noong 1944, mula sa humigit-kumulang na dalawang daang maikling kuwento, nailathala ang 25 *Pinakamabuting Maikling Kathang Pilipino ng 1943*.

MABUBUTING KATHA PARA KANINO?

Sa gabay ng *Manila Shimbunsha*, lumikha ito ng Lupon ng mga Tagasuri na kikilatis at susuri ng humigit-kumulang na dalawandaang kuwentong nalathala noong 1943. Pinangunahan ito nina Jose Esperanza Cruz, Punong Patnugot ng *Liwayway*; Agustin C. Fabian, Patnugot ng *Graphic*; Arsenio R. Afan, dating Patnugot ng *Sampaguita*; AB.L. Rosales, Tagapamahalang Patnugot ng *Liwayway*; Clodualdo del Mundo, Patnugot-Pampanitikan ng *Liwayway*; F.B. Icasiano, Patnugot ng magasin ng *Sunday Tribune*; Buenaventura G. Medina, Patnugot ng *Taliba*; at Teodorico Santos, Patnugot ng magasin ng *Taliba*. Anila, ang mga sumusunod ang sangkap ng paraan ng pamimili sa mga kuwento: una, ang “KALAMNAN” na tumutukoy sa “pinakapangunang bagay sa lahat ng sining, ay dapat magsaalang-alang sa diwa ng Bagong Kaayusan; at, bagaman ang mga kathang mapipili ay maaaring hindi magtaguyod at puspusang mangaral ng mga simulain ng Sangkasaganaan ng Lalong Malaking Silangang Asya, sa anu’t anuman ang mga iyon ay dapat na maging katugma nito, dili kaya’y huwag man lamang tumaliwas sa mga adhikain nito” [akin ang diin]. At ikalawa, ang “PAMAMARAAN, o ang makasining na paraan ng paghahayag... sapagka’t ang pamamaraan, bagaman kadalasa’y napapailalim sa kalamnan, ay malimit namang siyang kinasasaligan ng pagiging mabisa ng paghahayag ng isang kaisipan, ng pagtatanghal ng mga pangyayari, ng paglalarawan ng mga tauhan, at ng pangwakas na kabuuan at kasiyahang dapat maidulot ng isang kuwento” [akin ang diin] (Medina 1992, lxi-ii). Sa ganitong pormula ng pagtataya ng mga pipiliing kuwento ay kinakailangang umangkop sa bagong kolonyal na kaayusan ngunit inililinaw na hindi dapat isinasaalang-alang ang taglay nitong sining bilang akdang pampanitikan.

Ang mga susing salita at parirala para sa paraan ng pagpipili batay sa nilalaman at anyo sa panahon ng digmaan ay makikita mismo sa ipinagpapalagay na katangian ng isang kuwento: ang “mangaral” para sa nilalaman at “kasiyahang dulot ng kuwento” para sa pamamaraan—na kahit pa kalakhan sa lupon na ito ay binubuo ng mga batang henerasyon ng manunulat, di naiwaglit ang katangian ng pagbibigay ng aral at aliw bilang tatak ng unang dalawang dekada ng kolonyal na pamamahala ng mga Amerikano sa Pilipinas (S. Reyes 2012, 202-3).

Hinati ng mananaliksik sa tatlong katagorya ang 25 pinakamabubuting maikling kuwento noong 1943: Una, domestiko at pampamilyang usapin, katutubong gawi, at kultura; ikalawa, naturalistang lapit; at ikatlo, ukol sa digmaan. Marapat linawin na sa isinagawang pagkakatagorya sa mga kuwento, hindi nangangahulugang ito ay napapaloob lamang sa iisang katagorya. Sa madaling sabi, maaaring taglayin ng isang kuwento ang mahigit sa isang katangian. Ang dahilan ng paghahati ay upang matukoy ang namamayani o tampok na katangian ng bawat isa.

Tumutukoy ang unang katagorya sa mga kuwentong may kinalaman sa relasyong pampamilya at/o mahal sa buhay, samantalang ang katutubong gawi at kultura ay iyong mga kuwentong nagpapamalas at nagpapakita ng tatak ng kulturang maka- at para sa Pilipino. Sinadyang pagsamahin sa iisang katagorya ang mga kuwento rito ‘pagkat higit na tampok ang mga katangiang sentimental at romantisasyon o labis na pagpapamalas ng pag-ibig sa iba’t ibang pinapaksa ng kuwento.

Sumunod, tumutukoy ang ikalawang katagorya sa konsepto ng naturalismo sa sining ukol sa pinakatapat na pagsasalarawan ng kalikasan sa lahat ng bagay tulad ng unibersalistang pananaw-sa-daigdig na lahat ng tao o nilalang ay may tiyak na katapusan, at malimit na tao laban sa kalikasan ang tampok na tunggaliang namamayani. Kalahati ng mga kalipunan ng mga katha ay nasa ganitong katagorya. Tumutukoy ang naturalismo bilang kilusang pampanitikan noong huling bahagi ng ika-19 na siglo at unang bahagi ng ika-20 siglo.

Lumalampas ang naturalismo sa realismo kung saan inaasam nito ang pinakatapat, walang-kinikilingang representasyon ng katunayan at madalas humahantong ang wakas ng kuwento dulot ng pagkakaaksidente, pisyolohikal na kalikasan sa halip na moral o rasyunal na pagsasalarawan (Britannica).

Habang ang panghuli at ikatlong kategorya ay nauukol sa digmaan—magaganap pa lang, nagaganap na sa kasalukuyan, at naganap na sa kuwento. Narito sa huling kategorya nakatuon ang atensyon ng pag-aaral. Nais isalaysay dito ang usapin ng kalagayan at epekto ng kasalukuyang digmaan sa pinakamatapat na pamamaraang hindi magpapanting ang tainga ng mga Hapon at mga kolaborador nito. Kabilang sa kategoryang ito ang mga kuwentong “Tabak at Sampaguita” ni Pilar R. Pablo; “Kadakilaan: Sa Tugatog ng Bundok” ni Brigido C. Batungbakal; “Sinag sa Dakong Silangan” ni Macario Pineda; “Madilim Pa Ang Umaga” ni Teodoro A. Agoncillo; at “Lunsod, Nayon, at Dagat-dagatan” ni N.V.M. Gonzales.

APOKALIPTO ANG UMIIGTING NA DIGMA

Bagaman pag-iibigan ang tema ng kuwentong “Tabak at Sampaguita” ni Pilar R. Pablo, mas umiinog ito sa kalagayan ng kapwa-mangingibig sa panahon ng nakabitin at papalapit na ang digmaan. Tila may apokaliptikong pananaw ang pangunahing tauhan sa nasasaksihan niyang magiging epekto ng digmaan kung sakali itong maganap.

“At siya’y namaalam isang dapit-hapon. Nakangiti siyang lumapit sa aking luklukan sa isang sulok ng halamanan at buong pitagang yumukod. Namalagi siyang hindi umiimik sa pagkakatayo sa aking harapan na may mga ilang sandali. ‘Pagkatapos ay itinuro niya ang mapulang kanluran, kinagat ang kanyang labi at saka umiling-iling. Ako’y nanghilakbot nang siya’y aking maunawaan. Sa balintataw ng aking mga mata ay waring nabanaagan ko ang hantungan ng kanyang palad.

Namalas ko ang naghambalang na mga bangkay, ang nagsabog na dugong tumitina sa lupa at damo, ang nakaduduling na tilamsik ng liwanag na may dalang kamatayan. Naulinigan ko ang nakabibinging putok at dagundong. Nasamyong ko ang makapal na usok ng digma at nagsikip ang aking paghinga. Yao’y mga pangitaing nabasa ko lamang sa mga aklat. Gaano pa kaya ang katotohanan, O, Diyos ko! Huwag!”

(MEDINA 1992, 115–6)

Malinaw na malagim ang sasapitin ng sinumang bahagi ng digmaan: sibilyan man o sundalo o gerilya, lahat ay di makaiwas sa bangis ng umiigting na digma. Mayaman sa simbolismo ang kuwento na bagaman hindi inuugnay kung kanino magmumula o manggagaling ang puno’t dulo ng “naghambalang na mga bangkay,” tila nakaturo ang lahat ng hintuturo sa kasalukuyang mananakop ng panahong iyon.

Interesante rin ang pagsasalarawan na nais ipabatid ng manunulat kung saan tinutukoy na kawal ang iniibig ng persona sa kuwento. Bagaman tipikal na kawal lamang ito, may binabanggit ang persona na “pagkakaiba” o “kaibahan” sa katangian nito. Pansinin kung paano idinetalye ang kawal: ang kawalang-imik nito bilang mangingibig sa karelasyon ay mistulang problematiko ngunit para sa persona, sagrado itong pakikipagniig sa katahimikan sa kanyang minamahal:

“Pipi pa rin siya. Ako’y nalungkot nang mamasdan ko ang kanyang mga mata. Natitiyak kong sumasamba siya sa aking kaluluwa. Sumasamba siya nang buong katahimikan. Walang naglagos na mga sinungaling na papuri sa kanyang mga labi. Ang kanyang paghanga ay isang piping panalanging kinuyom niya sa kaibuturan ng kanyang puso.”

(MEDINA 1992, 113–4)

Malaki ang pag-aalala ng persona na pansamantala lamang ang nararamdaman niyang pag-ibig ‘pagkat ang hinaharap ng kawal ay “isang kimpal ng makapal na ulap na may babalang unos” at nakapagitan sa kanilang pagmamahalan ay “isang malawak na karagatan” ngunit “[n]ais niyang pagkabitin ang dalawang pampang” na kanilang kinaroroonan. Maaaring isiping batay sa mga nabanggit na pagsasalarawan ay may matinding pagsubok na pagdadaan ang kawal at hindi mismo sa lugar o bayan ng persona permanenteng naninirahan ito. Gayunpaman, patuloy niya pa rin itong mamahalin kung kaya naibulalas na lamang niya na “sa aking lahi’y kayrupok-rupok daw ng isang pusong umiibig.” Sa pagbanggit ng lahi, maaaring basahin ito na ibang lahi ang pinapatungkulan na kawal.

Panghuli, mahihiwatigan kung anong “lahi” ng kawal ang pinapatungkulan sa katha sa pamamagitan ng muli’t muling pagsasaulit ng natatanging kilos nito na sumasalamin sa kulturang kinabibilangan sa kanilang huling pagtatagpo o pamamaalam sa persona: “Lumayo siya ng isang hakbang at saka yumukod. Isang hakbang pang papalayo at yumukod na muli. Isa pang hakbang at isa pang yukod. Tumalikod na siyang tuluyan... Higit na mabuti ang kanyang paglisan, ‘pagkat ito’y nangangahulugan ng pagkakaroon isa pang tapat na suhay ng kanyang bansa (Medina, 1992, 117-8).” Sa madaling sabi, umiibig ang persona sa isang kawal na Hapon at dahil sa napipintong digma, ipinagpaliban na lamang ang kanilang pag-iibigan upang harapin ang mas malaking hamon—ang pagdepensa at pag-aalay ng buhay para sa dangal ng bansang Hapon. Kung babalikan ang nauna nang tunguhin na nais ng bagong mananakop, umaakma ang kuwentong ito ‘pagkat di lamang nito pinapakita ang katapangan ng Hapones, ipinapamalas din ang mataas na pagtingin nito sa kanilang bansa. Sa kabilang banda, maaari ring basahin ang komplikadong relasyon ng persona sa kawal na Hapon ‘pagkat ganito rin kung titingnan ang nagaganap na ugnayan ng mga Pilipino at Hapon sa panahon ng digma: komplikado at tiyak na may pagwawakas.

ANG KATUNAYAN NG KATHA, PAGKAKATHA NG KATUNAYAN

Tila sumasabay naman sa masamang balita at pangyayari ang pambungad ng kuwentong “Kadakilaan: Sa Tugatog ng Bundok” ni Brigido C. Batungbakal. Magtatakip silim at papalubog pa lang ang araw nang dumating si Kiko, ang sundalo at pangunahing piksyunal na tauhang natatanging nakauwi sa kanilang nayon buhat pa sa Capas, Tarlac. Mahalagang bigyan agad ng pansin ang bahaging ito ‘pagkat sariwa pa, isang taon makalipas, sa isip ng mga Pilipino nang mga panahong iyon ang nasabing lugar bilang pinakahuling destinasyong ruta ng “Death March” na binubuo ng marami sa sundalong Pilipino at mga Amerikanong walang-humpay na pinagmartsa nang tuluyang sumuko ang Bataan sa kamay ng mga Hapon.

Sa katha, sinalubong si Kiko ng taumbayan sa kanilang nayon sa kanyang pagdating. Naghatid siya ng balita ukol sa mga kasamahang tumungo rin sa digmaan ngunit di na niya kasamang bumalik. Sa gitna ng mga pagtatanong at usap-usapan, di maiwasang tanungin siya ng kanyang mga kanayon ukol sa kanilang mga anak at nobyo ngunit wala siyang naimik kung nasaan ang kanyang mga dating kasamahan. Pansinin kung paano pinanghawakan ang subjek na Hapon at pagsasalarawan sa mga kanayon bilang mga tauhang bahagi ng naratibo ng kuwento.

“Parang hindi nagambala ang ating nayon, ano?” ang nasabi ng katabi ni Kiko.

“Opo,” ang narinig ng marami. “Wala pong nabago sa atin” ...

Hindi naupo si Kiko nang dahil sa mga taong nagdating-dating. Ang iba’y may dala pang lilik na siyang nagpapakilalang nandaramo nang dumating si Kiko. At ang iba’y humihingal pa kung magtanong at mangusap. Mabuti naman at ikaw ay

di napatay. Salamat sa mga Hapones at buhay ka pang nakarating sa ating nayon. Talagang tayo ay kaibigan nila, ano? Magsalita ka.

(MEDINA 1992, 139–41)

Walang sinabing anuman ang pangunahing tauhan, tila maging ang piksyunal na tauhan ay tikom din ang bibig sa dayong “kaibigan.” Ganoon din ang saya na mararamdaman sa tono at pananalita na maririnig sa pananalita ng mga kanayon. Lumalabas na bagaman piksyunal ang mga tauhan at pangyayari, tila wala nang hanggahan ang nais turulin ng mismong kuwento sa pagitan ng katha at katunayan. Sa ganoong disposisyon, tila isang parikala (paradox) pa ngang maituturing na silang mga nabubuhay ang umaaktong katha ‘pagkat nawalan na ng imik at sumusunod na lamang sa magiging takbo ng naratibo ng digmaan sa halip na lumikha ng panibagong kuwento at itakda ang magiging wakas. Samakatwid, hindi kataka-taka ang ganitong pagsasalawaran at pagkatha mula sa bahagi ng manunulat ‘pagkat sa ganitong anyo at nilalaman makikita kung gaano kalaki ang impluwensiya ng dikta at utos ng mga Hapon sa malilikhang katha ng panahong iyon, sang-ayon sa pangkultura nitong agenda sa pakikidigma.

Sa kuwento namang “Sinag sa Dakong Silangan” ni Macario Pineda, salimbayan ang kaganapan sa pagmumuni ng pangunahing tauhan na kawal sa kanyang masasayang alaala ng pagkabata habang nasa gitna ng sagupaan sa hindi nakikitang mga kaaway. Sa panitikan, tila pananda na ito ng may mangyayaring hindi maganda sa pangunahing tauhan. Ang paggugunita ng masasayang alaala ay kakabit ng malungkot na katunayan na nadarama ng kasalukuyang obhetibong kondisyon ng isang tauhan. Gayunpaman, iba ang naganap sa pagwawakas ng katha.

Habang abala sa pagmumuni ng masasayang araw ang kawal—ang pangunahing tauhan sa kuwento—sa pagitan ng maya’t mayang pagpapaputok ng baril sa magkakaibang direksiyon, isa sa tampok niyang naalala ang pag-uwi sa sariling bayan ng matalik niyang kaibigan na si Sinsiro o si Iro, anak ng mag-

uuling sa kabundukan na si Osima. Kung pagbabatayan ang pangalan, mahihinuhang isa itong Hapon. Ayaw pa sanang umuwi ni Iro sa kanilang bayan, na maaaring ang bansang Hapon, ngunit buo na ang loob ng ama ni Iro.=

Ngunit ayaw si Osima. Wika ni Osima sa atin: “Ikinarurungkot ko. Hindi maaaring si Sinziro ay maiwan. Pero, magkikita rin kayo ng aking anak. Dadaraw kami sa amin: tapos barik uri. Hane, Ponsoy. Hane, Karding. Hane, Berto. Hane, Pedro. Babarik kami. Huwag kayo karimot sa aking anak.”

(MEDINA 1992, 245)

Sa bahaging ito, ‘di direktang tinutukoy na may mabubuting loob ang mga Hapon na malapit sa buhay ng pangunahing tauhan bagaman malinaw ang representasyon nito bilang mabubuting tao, na higit na litaw dito kaysa sa naunang katha sa itaas. Kung kaya, pagdating sa kasukdulan at pagtatapos ng kuwento, ang pahayag ng ama ni Iro na “magkikita rin kayo ng aking anak” ay tila pag-uugnay sa pahiwatig kung bakit hindi pinatay ang pangunahing tauhan: posibleng ang aninong tinutukoy na lumapit sa kanya ang kanyang nakababatang kaibigan:

(Isang anino ang biglang bumulaga sa kawal. Isang anino ng kamatayan ang biglang sumulpot sa ibabaw ng kanlungan. Ang kawal ay pumitlag, ikinamot ang mga kamay sa ibabaw ng kanlungan at waring sasalubungin ang aninong yaon. Ngunit ang katawang hapung-hapo ay wala nang ibigay na lakas. Dumupilas ang mga paa ng kawal. Napaluhod. Tuluyang nagulapay sa lupa. Ngunit isang baril na may bayoneta sa ulo ang kanyang nakapa. Sinunggaban ito at ang kawal ay nagpumilit pa ring makatayo upang salubungin ang aninong may hatid na kasawian. Isang saglit na makadurog-pusong paghuhumindik ng katawang sugatan upang maisaksak ang patalim sa dulo ng baril, isang saglit ng pagsusumamo

ng diwa sa bawat kaliit-liitang himaymay ng laman, isang huling saglit na katumbas ng isang buong buhay— ngunit nabitawan din ang baril at ang kawal ay nabulagta sa ibabaw ng mga bangkay ng kanyang tatlong kaibigan. At ang anino ay padaluhong na lumapit sa kawal. Inaninaw nito ang yayat na mukhang yaon. At isang tila buntonghininga ang namulas sa mga labi ng anino... [akin ang diin]
(MEDINA 1992, 248–9)

Kung pag-uugnayin ang kabuuan ng kuwento sa pamagat nito, tila ang tinutukoy na “sinag” sa dakong Silangang bahagi ng Asya ay ang bansang Hapon na nais palabasin sa kuwento bilang marunong tumanaw ng utang na loob o pagkilala sa matalik na pakikipagkaibigan, ito man ay may malinaw na kaibahan ng kultura at anyo ng pakikipag-interaksiyon sa panahon man ng giyera.

Sa kuwento namang “Madilim Pa Ang Umaga” ni Teodoro A. Agoncillo, ang diskontento ng isang kawani sa kanyang lugar na pinagtatrabahuhan at kawalang-paki at pakiramdam ng kanyang kapwa-kawani ang nagtulak sa kanya upang higit pang maramdaman ang dulot ng nagaganap sa paligid, na bagaman walang sinasabi kung ang tinutukoy na pangyayari ay ang kasalukuyang digmaan, malinaw na inihahambing ng pangunahing tauhan ang tumitinding agwat ng saray sa lipunan, partikular ng maykaya at walang-wala.

Si Ruben, ang pangunahing tauhan, bilang dating masaya at mababakas ang tuwa sa kanyang mukha, ay hindi na mapalagay sa nararamdamang kawalang-malasakit at kawalang-hustisyang nagaganap sa paligid. Tila walang pagbabagong naganap, at maipagpapalagay pa ngang lalong tumindi ang kawalang-paki sa paligid magpapalit-palit man ng namamahala sa bansa.

Sa pamagat pa lamang, mapapaisip maging ang mambabasa: posible kayang ang umagang tinutukoy ay ang bandilang Hapon na nasa

madilim o malagim ang sasapitin ng mga naniniwala sa ikakaloob nito? Kataka-taka ring nakalusot ito sa sensurang sintalim ng bayoneta ng mga Hapon na naglalahad ng panlipunang ligalig ng panahong iyon.

Panghuli, ang kuwentong “Lunsod, Nayon, at Dagat-dagatan” ni N.V.M. Gonzales, isang malaking problema para kay Tony, ang pangunahing tauhan, ang pahayag ng ama ng kanyang iniibig sa pananatili ng pamilya nito sa kanayunan, matapos lumagay sa tahimik nang lumikas mula Maynila nang magsimula ang digmaan. Tila hindi makapaniwala sa ganitong kapasyahan si Tony bilang tagalungsod kung kaya nagtatalo sa kanyang loob kung sasalungatin ba ang pahayag ng kanyang magiging biyenan o hahayaan na lamang ang kagustuhan nito na tiyak may malaking implikasyon sa pagmamahalan nila ni Nena, ang kanyang karelasyon.

Sa bahagi ng ama ni Nena, higit na panatag at maalwan ang kalagayan nila ngayon kaysa noong nasa Maynila pa, at sa halip na matakot at mag-alala gawa ng nagpapatuloy na digmaan, lalo pa ngang nakumbinsi itong manatali sa kanayunan.

...”Bakit kami aalis sa pook na ito ngayon?” tanong niya. “Sagana kami rito sa lahat ng bagay. Hindi kami kakapusin sa pagkain. Sa isda? Masagana sa isda ang dagat-dagatan. Bigas? Maaari kaming kumuha kahit na ilang kaban at hindi namin kailangang magbayad ng kahit isang sentimong higit sa dapat naming ibayad,” ang tuwirang wika niya sa akin, “Ngunit mayroon akong kakilalang malapit dito na dating naglilingkod sa pamahalaan; sinabi niya sa akin na maaari kong bilhin ang ilang ektarya ng kanyang lupa. Naiisip kong mag-itikan at magtanim ng gulay. Ano ang palagay mo riyan, Antonio?”

“Noong una’y para kaming nahihintakutan dito,” patuloy niya. “Kami’y nababahala nang gayon na lamang sa magiging buhay namin. Ngunit kung may ipagkakaloob na anuman ang digmaan sa amin, iya’y ang lakas ng loob.”

(MEDINA 1992, 27–8)

Sa katunayan, hindi rin ang digmaan ang siyang pinoproblema ng pangunahing tauhan, sapagkat sa unang bahagi ng katha pa lamang, nauna na nitong binanggit na wala namang dapat ikatakot noong naglalakbay ito mula Maynila patungong kanayunan—sa tonong tila ‘di direkta nitong sinasabi na halos walang nabago sa panahon ng digmaan at tila bumuti pa nga ang kalagayan (Medina, 1992, 26). Sa halip, mas nais palitawin sa kabuuan ng katha ang konsepto ng pagpili ng pamumuhay sa pagitan ng kalungsuran at kanayunan, sa halip ang matinkad na pag-uugnayan nito. Kaya bagaman bukas sa samot-saring interpretasyon ang pagwawakas ng kuwento, tila may paggigiit pa rin ang pangunahing tauhan sa itinitibok ng puso’t isipan niya, ang bumalik sa lungsod.

Kung lalagumin ang kabuuang mga kuwentong nauukol sa digmaan sa *25 Pinakamabuting Maikling Kathang Pilipino* noong 1943, hindi maalis sa panulat ng mga Pilipino na kahit pa sa gitna ng digma, may magtatangka at magtatangka pa ring sumulat ng sadlak na kalagayan sa panahong ito anumang pagbabawal o sensura ang gawin, kahit pa ang isinusugal nilang pahayag o linya o pagsasalarawan sa mga Hapon, ang kalagayan ng bansa o kapwa Pilipino ay simpleng kapalit na ng kanilang buhay. Kapit pa ang mga nasulat na mga kuwentong ito ay walang pagsasalarawan sa Hapon bilang mga kaaway o kalaban, na siyang isa sa pinagmumulan ng lahat ng paghihirap ng mga Pilipino ng panahong iyon, mararamdaman ito sa kawalang-imik (“Kadakilaan: Sa Tugatog ng Bundok”) o pagkadismaya o pagkatuliro ng kani-kanilang mga tauhan sa kinaiiralang panahon ng kanilang mga kuwento (“Madilim Pa Ang Umaga”). Panghuli, ang diskontento at kawalang-katiyakan ng buhay at pamumuhay na siya ring tampok sa pagsasalarawan ng nagaganap na digmaan sa mga kuwento ay

hinding-hindi mapasusubalian ng nagaganap sa katunayan kung kaya naroroon iyon sa kanilang di-malay at gumigitaw sa kanilang pagkakatha (“Tabak at Sampaguila” at “Lunsod, Nayon, at Dagat-dagatan”).

DIGMAAN SA KUWENTO, KUWENTO NG DIGMAAN

Makapangyarihan ang panlipunang kaayusan na siyang nagtatakda ng dominanteng uri ng panitikan at produksiyong pampanitikang tatangkilikin at ipapalaganap sa isang lipunan. Sa kaso ng *25 Pinakamabuting Maikling Katha*, panahon ng digmaan at ang panlasa ng mga Hapon sa panitikan ang siyang namamayani na nararapat ay iyong nagtataguyod ng maka-Asyanong kaugalian o kultura at sumasalungat at tumutunggali sa dominasyon ng Kanluraning kaisipan o paksain. Sinasagot ng ganitong kalagayan ang madalas nang nagiging diskusyon sa mga umpukan at talakayang pampanitikan at pansining sa pagkakasasangkot ng pulitika sa panitikan, pati na ang pulitika sa estetika o sining ng isang akda.

Bagaman marami sa hanay ng mga manunulat at artista ang tumugon sa mga pangkulturang programa sa pangunguna ng Pamahalaang Militar ng Hapones sa Pilipinas sa anyo ng patimpalak—sa pamamagitan man ng dahas, takot, o sariling kapasyahan—nananatili sa kaibuturan ng puso ng mga Pilipino na ang mga gawaing ito ay paimbabaw lamang na pagpapakita ng suporta sa kahusayan at kagalingan ng mga Pilipino at pagiging Asyano. Sa halip, mas nararapat tingnan ang mga patimpalak na ito sa panahon ng digmaan bilang nakadiseno sa mas malalim at malawakang propaganda nang sa gayon ay tuluyang makuha ang loob ng mga nasa gitnang saray ng lipunang Pilipino at maging tagapagsalita at tagapagdepensa sa mga isinasagawang aktibidad ng mga Hapon sa Pilipinas sa makasaysayang panahong iyon (Agoncillo, 2001, 641). Sa kabilang banda, tila may kabalintunaan man kung iisipin, lumabas din sa panahong ito ng digmaan ang malaon nang panunupil ng Amerika sa makabayang diwa ng Pilipino, tulad halimbawa ng paghihikayat ng mga Hapon sa tuluyang pagpapagamit at

pagpapaunlad ng wikang Tagalog at iba pang pangunahing wika sa Pilipinas (R. Constantino 1969, 120-21). Sa puntong ito, bahagyang nakatulong sa pagpapaningas ng diwang makabayan sa mga Pilipino ang programa ng mga Hapon at sa pagpapaunlad ng mga wika sa bansa, kahit sa sandaling panahon lang.

Sa kabilang banda, naging timbangan din ang akto ng pagsusulat sa buhay at kamatayan ng mga tumugon sa panawagang ito. Kuwento ng isang manunulat noong panahong iyon:

Alas tres ng umaga, hinahatid ako ng nanay ko sa plasa ng Malinta para makasakay sa isa sa mga karitelang naghahatid ng mga produkto ng bukid sa palengke ng Malabon... Kaming mga pasahera—oo, pulos babae kami at lahat ng mga kasama ko ay tindera at puro mga lalaki noon. Pag nasumpungan ng mga guwardiyang Hapon sa mga checkpoint patungong Malabon, hinuhuli ang mga lalaki at kinukulong sa bilangguan, kasi balitang-balita na ang Malabon sa pagiging sentro ng mga gerilya. Ang gawa ng mga kasama kong tindera sa karitela, pinagigitna nila ako para hindi mapuna ng guwardiyang Hapon. Nakadamit ako ng luganggang para magmukhang matanda, nakasalamín at nakapugong ng lumang bandana sa ulo ko. Pagdating namin sa bayan, inaalís ko ang pugong at naglalakad na ako hanggang makarating sa kasunod na baryo ng Ibaba at doon magbibihis nang maayos, sa tinitirhan ng aking tiyuhin. At saka ako maglalakad uli hanggang sa kasunod namang baryo ng Concepcion na kinaroroonan ng typing school.

... [B]ago umalis sa bahay namin sa Malinta ng alas tres ng madaling-araw, nakapagkape na't nakakain ng

almusal. Kaya nakahanda na 'kong magsulat, ng kuwento sa makinilya. Pagkaraan ng mga dalawang oras, tumitindig na ako'[t] naglalakad uli hanggang bahay ng tiyuhin ko sa Ibaba, magpapalit naman ng damit na kupas at luganggang, pero hindi muna nagpupugong ng lumang bandana. Pag nakasakay na 'ko sa karitelang pauwi sa Malinta at nakagitna na naman sa matatandang tindera saka nagpupugong... Siguro, mga apat na beses akong nagpabalik-balik sa Malabon para mabuo at maging final draft ang aking kuwentong "Luad." Sa loob 'yon ng dalawang linggo. Dahil ayaw naman akong payagan ng nanay kong araw-arawin ko ang punta sa Malabon at delikado na nga rin, kahit nagkukunwari akong matanda. Pag wala siyang kaba at saka lang ako papayagang pumunta sa typing school para isulat ang aking "Luad"

(TORRES-YU, SARILAYSAY, 85 - 6)

Ang pagsusulat ay isa ring pagpapasya. May kalayaan ang manunulat na manatili sa kanyang kumportable at pribadong espasyo ngunit mas pinili niyang magsulat, anumang panlipunang at ekonomikong krisis o ligalig mayroon ang kanyang panahon. At sa kabila ng akto ng pagsusulat, may mga manunulat ding di na lamang nagkasya sa nasasaid na tinta ng kanilang panulat at sa halip ay piniling tumangan ng armas (J.C. Reyes, 2012, 173-83; Torres-Yu at Aguirre ed., 2004, 330).

Bukod sa proseso ng pagsusulat, tila nakaumang na baril sa sentido ang sensura at paglalathala sa panahon na ito ng digmaan. Ang suspetsya at kawalan ng pagtitiwala sa isa't isa, ng Pilipino sa Hapon, at Hapon sa Pilipino, ay hindi lamang makailang ulit naging sukatan ng katapatan kundi naging timbangan din ng buhay at kamatayan (Agoncillo, 2001, 642-3).

Akalain mong pinagawa ako ng mga pinunong editor na Hapon ng literal translation, word for word, ng aking kuwento. Hindi basta synopsis na ginagawa ko para sa ibang mga kuwento. Samantalang nasa staff naman ako. Talagang duda ang mga Hapon sa mga Pilipino, maging lalaki't babae, matanda't bata. Buti na lang, hindi nila napunang kung minsan, pinalalabo ko ang synopsis ng mga kuwentong may himig subersibo. E ito pang inusenteng-inusenteng kuwento ko tungkol sa isang kapatid na kawal na namatay sa Bataan, buhay sa paningin ng isang dalagita, ang kanilang napag-initan. Tin-ranslate ko, word for word sa Ingles, at hindi na nila pinagdudahan. Na-publish naman sa Liwayway noong Disyembre 4, 1943

(TORRES-YU 2000, 87).

Habang tumitindi ang digmaan, tumitindi rin ang paghihigpit ng mga Hapon sa pagsusulat nang magkataong tila sinasalamín ng isang kuwento ang nalalapit nang pagkatalo ng mga dayuhang mananakop at pagwawakas ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig (Torres-Yu 2000, 89).

Ang tiyak, hindi lamang ito basta kuwento-kuwento: malinaw na malinaw sa mga Pilipino, na kahit na ang mga gawaing ito ay may katumbas na merito o tumataginting na salapi, marami-rami pa rin ang naghihintay lamang ng pagkakataon at panahon upang ikonsolida ang kanilang mga lakas sa pagbubuo ng hukbo ng sambayanan sa pagdedepensa at pagtatanggol laban sa dayuhang mananakop (Maceda 1996, 118-30). Sila na mismo ang lilikha ng kanilang komunidad at lipunang malaya at mapagpalaya, na hindi na lamang nakukulong sa apat na sulok ng mga pahina at mga espasyong kinapapalooban nito. Sila na rin mismo ang lilikha ng kanilang kuwento—ang naratibo ng kanilang paglaban at pakikitunggali sa mga lokal at dayuhang mang-aapi't mapang-abuso, na di lamang simpleng katha o kuwento-kuwento. Sa madaling sabi, sa oras na magpasya

na silang humawak ng armas, mas malaya na silang makalilikha ng panitikan at sining na mas may lalim, naghihilom ng mga sugat ng karahasan at pang-aapi, at sining at panitikang malaong magiging armas nila sa pagpapalaya ng sarili at bayan.

SANGGUNIAN

- Agoncillo, T. A. 1998. *Bahaghari't Bulalakaw Katipunan ng mga Sanaysay at mga Pag-aaral*. Lungsod ng Quezon: University of the Philippines Press.
- _____. 2001. *The Fateful Years Japan's Adventure in the Philippines, 1941-45*. Lungsod ng Quezon: University of the Philippines Press.
- _____. 1980. *Ang Pilipinas at ang mga Pilipino*. Lungsod ng Quezon: Garotech Publishing.
- Arguilla, M. et. al. 1940. *Literature under The Commonwealth*. Lungsod ng Maynila: Philippine Writers' League.
- Barte, G. V., ed. 1992. *Panahon Ng Hapon: Sining sa digmaan, digmaan sa sining*. Lungsod ng Pasay: Cultural Center of the Philippines.
- Constantino, R. 1969. *The Making of a Filipino: A Story of Philippine Colonial Politics*. Lungsod ng Quezon: Renato Constantino.
- _____. 1978. *Neocolonial Identity and Counter-Consciousness Essays on Cultural Decolonisation*. Lungsod ng London: London Merlin Press.
- Gripaldo, E. M. et. al. *Kasaysayan Ng Filipinas at Mga Institusyong Filipino*. 1st ed. Quezon City: UP Sentro ng Wikang Filipino-Diliman.
- Jose, R. T. 1991. Preparing for Emergency: "The Civilian Emergency Administration, 1941." *Diliman Review* Volume 38: 2, 37-46.
- Jimenez-Maceda, T. 1996. *Mga Tinig mula sa Ibaba: Kasaysayan ng Partido Komunista ng Pilipinas at Partido Sosyalista ng Pilipinas sa awit, 1930-1955*. Lungsod ng Quezon: University of the Philippines Press.
- Medina, B. Jr., ed. 1992. *25 Pinakamabuting Maikling Kathang Pilipino ng 1943*. Lungsod ng Maynila: De La Salle University Press.
- Reyes, S. 2012. *Narratives of Notes Studies of Popular Forms in the 20th Century*. Lungsod ng Maynila: University of Santo Tomas Publishing House.
- Reyes, J.C. 2012. *Ka Amado*. Lungsod ng Quezon: University of the Philippines Press.
- Simbulan, D. C. 2018. *When the Rains Come, Will Not the Grass Grown Again? The Socialist Movement in the Philippines: 1920-1960*. Lungsod ng Quezon: Pantas Publishing and Printing Inc.
- The Editors of Encyclopaedia Britannica. 2020. "Naturalism Art." Britannica. Mula sa <https://www.britannica.com/topic/naturalism-philosophy> (accessed April 19, 2023).
- Tolentino, R. B. 2007. *Sipat Kultura Tungo sa Mapagpalayang Pagbabasa, Pag-Aaral at Pagkatuturo ng Panitikan*. Lungsod ng Quezon: Ateneo de Manila University Press.
- Torres-Yu, R., ed. 2000. *Sarilaysay: Tinig ng 20 Babae sa Sariling Danas Bilang Manunulat*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc.
- Yu-Jose, L. N. 1992. *Japan Views the Philippines 1900-1944*. Lungsod ng Quezon: Ateneo de Manila University Press.